



Ang Goldman Sachs Group, Inc., ang mga kasalukuyang sangay at kaanib nito, kabilang ang MTGLQ Investors, LP at Goldman Sachs Mortgage Company (GSMC), ay nagkaroon kamakailan, ng kasunduang komprehensibo sa Department of Justice (DOJ) at ibang pangunahing tumutukoy sa mga aksyon at gawain kaugnay sa pagmemerkado, paggawa ng istraktura, pagsasa-ayos, pag-underwrite, pagpapalabas at pagbenta ng mga seguridad base sa pantahanang sangla o residential mortgage backed securities (RMBS). Ang Goldman Sachs ay committed sa pagtulong sa mga may-ari ng bahay na nahihirapang bayaran ang kanilang utang sa bahay. Kung ikaw ay nagkakaproblema sa pagbayad sa iyong mga utang sa bahay, maaari kang maging kwalipikado para sa karagdagang tulong sa pamamagitan ng mga espesyal na programang dulot ng kasunduang ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa Specialized Loan Servicing LLC para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabago ng utang o kung anong mga opsyon ang mayroon para sa pagbabago at pagsasaayos (settlement) sa utang bilang bahagi ng Kasunduang ito.

Nauunawaan ng **Specialized Loan Servicing LLC (SLS)** na ikaw ay maaaring dumaranas ng pansamantala o pangmatagalang paghihirap at nangangailangan ng tulong.

Kung nahihirapan kang harapin ang iyong mga bayarin sa mortgage, narito kami upang ikaw ay tulungan at magbigay ng anumang mga opsyon na maaari mong magamit. Maaaring may mga opsyon pa para sa iyo kahit na ikaw ay dati nang tinanggihan o di nabigyan ng tulong sa nakaraan.

Maaaring kabilang sa mga opsyon ng pagtulong ang:

Plano sa Pagbabayad ng Utang – Pinahihintulutan kang bayaran ang mga nakaraang bayarin sa iyong utang sa loob ng isang partikular na panahon hanggang sa maging tama sa panahon ang iyong utang. Ang bawat plano sa pagbabayad ay kabibilangan ng iyong regular na buwanang pagbayad at isang bahagi ng halaga ng nakaraang bayarin. Ang termino ng plano ay mag-iiba base sa iyong kakayanang magbayad.

Pagbabago sa Utang – Pinahihintulutan ang mga permanenteng pagbabago sa mga termino ng iyong utang. Ang mga opsyon sa pagbabago ng utang ay maaari mong magamit kahit na ikaw ay dati nang nabigo o binigyan na ng pagbabago sa utang sa nakaraang panahon. Maaaring kabilang dito ang anumang mga sumusunod:

- Mas mababang kabuuan ng utang, kabilang ang pagpapatawad sa isang bahagi ng halagang inutang.
- Permanenteng halaga ng interes
- Binawasang buwanang bayad

Ang pagpapatawad sa anumang bahagi ng balanse ng bayarin ay maaaring magkaroon ng implikasyon sa buwis sa ilalim ng batas pederal o estado. Hindi ka namin mabibigyan ng payong legal o may kinalaman sa buwis. Mangyaring kumonsulta sa isang propesyonal sa buwis.

Kasunduan (Settlement) – Isang kasunduan sa pagitan mo at ng SLS kung saan ang SLS, na tumatayo sa nagpautang, ay sumasang-ayon na tumanggap ng mas mababa kaysa sa kumpletong halaga ng balanse ng iyong utang bilang kumpletong bayad sa iyong utang. Ikaw pa rin ang mananatiling may-ari ng iyong bahay.

Mabilisang Pagbenta o Short Sale – Pinahihintulutan kang ibenta ang iyong bahay nang mas mababa kaysa sa natitirang balanse sa iyong utang. Ang mapagkakasunduang presyo ng net na pagbenta ng bahay ay kailangang katanggap-tanggap sa nagpautang. Ang utang ay kumpletong mababayaran sa pinagkasunduang halaga ng pinagbentahan at ng mga termino. Kung makumpleto ang mabilisang

pagbayad o short sale, hindi mo babayaran ang mga ginastos sa pagbenta (hal. mga binayad sa broker). Maaari ring iaalok ang tulong sa paglilipat

Pag-aari Kapital ng Pagpapasara o Deed-in-Lieu of Foreclosure– Pinahihintulutan ang kusang paglipat ng pag-aari ng iyong bahay sa nagpautang kapag nabayaran ang ang ilan o lahat ng iyong mga obligasyon sa ilalim ng iyong utang. Maaaring iaalok ang tulong sa paglilipat.

Kung wala pang Single Point of Contact na itinalaga para sa iyo, bibigyan ka namin ng isa. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong Single Point of Contact sa buong proseso at aabisuhan ka kung ano ang mga opsyon na maaari mong magamit.

Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa impormasyong ito, mangyaring tawagan ang Customer Resolution nang libre sa 1-800-306-6059, Lunes hanggang Biyernes, 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. MT. Tumatanggap kami ng mga tawag mula sa mga relay service para sa mga may utang na may problema sa pandinig. Ikaw ay maaari ring pumunta sa <http://goldmansachs.mortgagesettlementmonitor.com/>

Taos-puso,

Departamento para sa Kalutasan ng Mamimili (Customer Resolution Department)
Specialized Loan Servicing LLC

INAATASAN ANG SPECIALIZED LOAN SERVICING LLC NG BATAS PEDERAL NA IKAW AY ABISUHAN NA ANG KOMUNIKASYONG ITO AY NAGMUMULA SA NANGONGOLEKTA NG UTANG.

ABISO SA PAGKABANGKAROTE – KUNG IKAW AY ISANG MAMIMILING NABANGKAROTE O ISANG MAMIMILI NA NAKATANGGAP NG ISANG PAGPAPALAYA MULA SA PAGKABANGKAROTA NG UTANG NA ITO: INAABISUHAN KA NA ANG ABISONG ITO AY UPANG IPAALAM SA IYO ANG ESTADO NG MORTGAGE NA NA-SECURE NG ARI-ARIANG TINUTUKOY. ANG ABISONG ITO AY HINDI NANININGIL NG BAYAD AT HINDI RIN ITO ISANG ABISO NG PERSONAL NA PANANAGUTAN NG SINUMANG TATANGGAP, NA MAAARING NAKATANGGAP NA NG PAGPAPALAYA MULA SA GAYUNG UTANG AYON SA MGA BATAS NA ANGKOP SA PAGKABANGKAROTE O SINO MANG SUMASAILALIM SA AWTOMATIKONG PAGPAPANATILI NG SEKSYON 362 NG KODIGO NG PAGKABANGKAROTE NG ESTADOS UNIDOS. KUNG IKAW AY TUMANGGAP NG PAGPAPALAYA SA UTANG SA PANGKABANGKAROTE, ALAM NAMIN NA WALA KANG PERSONAL NA OBLIGASYON NA BAYARAN ANG UTANG. NASA AMIN PA RIN ANG KARAPATAN NA IPATUPAD ANG PRENDA (LIEN) SA ARI-ARIANG KOLATERAL, NA HINDI PA PINAPALAYA SA IYONG PAGKABANGKAROTE, KUNG PINAPAYAGAN NG BATAS AT/O NG KONTRATA. KUNG IKAW AY MAY MGA TANONG, MANGYARING TAWAGAN KAMI SA 1-800-306-6057.

MGA TAGASUNOD SA INTERES – KUNG IKAW AY NAKATANGGAP NG KOMUNIKASYONG ITO AYON SA IYONG ESTADO BILANG TAGASUNOD SA INTERES SA ARI-ARIANG TINUTUKOY, HINDI KA PINAPANAGOT NG ABISO NA ITO PARA SA UTANG SA MORTGAGE. MALIBAN KUNG IKAW AY PERSONAL NA MANANAGOT O SINAGOT ANG UTANG SA MORTGAGE, HINDI KA INUUTUSANG GAMITIN ANG IYONG MGA ARI-ARIAN UPANG BAYARAN ANG UTANG SA MORTGAGE. ANG NAGPAUTANG AY MAY INTERES NA SEGURIDAD SA ARI-ARIAN AT MAY KARAPATAN NA IREMATA ANG ARI-ARIAN, KAPAG PINAHINTULUTAN NG BATAS AT AWTORISADO SA ILALIM NG KONTRATA NG UTANG SA MORTGAGE.